**The Mindanao Forum**, Vol XV1, No. 2 (December 2001)

# Teoryang Queer Sa Maikling Kwentong "Giyera" Ni Nonorio Bartolome De Dios

CHEM R. PANTORILLA

**Abstrak**

*Ang papel na ito ay isang pagsusuri sa kwentong Giyera na may paksa tungkol sa pagiging bakla. Sinusuri ang kwento gamit ang teoryang queer na nagpapalutang sa paraan ng pagtanggap ng lipunan sa mga homosekswal.*

> *... homophobia is hate and hate has no place in the beloved community...*
>
> —Martin Luther King III

**Introduksyon**

Kung ang "sistemang patriarkiya" ay tumutukoy sa konseptong panlalake at ang salitang "pantahanan" ay sa mga babae, ano naman ang para sa mga bakla at tomboy o mga homosekswal? Kung pinag-uusapan noon pa man ang katayuan ng babae sa lipunan, may usapin bang tungkol sa pagbibigay ng puwang sa mga bakla at tomboy sa ngayon?

Matagal na ngang pinag-uusapan ng buong mundo ang tungkol sa seks ng tao. Palasak na ang isyu tungkol sa karapatan at katayuan ng mga babae sa gitna ng pamamayani ng patriarkal na konsepto ng mga tao. Sa usaping sekswalidad,

---

Si MR. CHEM PANTORILLA ay kasalukuyang Instruktor I sa Departamento ng Filipino ng Ibang mga Wika pagkatapos niyang maging Graduate Teaching Assistant ng ilang taon.

dalawa lamang palagi ang nabubuong imahen sa isipan, ang lalake at babae. Marahil ito ang dahilan kung bakit sarado ang atensyon ng tao sa isyung homosekswalidad, hindi pumapasok sa kanilang balintataw na pag-usapan ang pagtanggap ng mga bakla at tomboy. Napababayaan ng lipunan ang grupo na wala sa dalawang kasarian. Kaugnay nito ang tanong na binitiwan ni Rebecca Kastl (2003), **"...is nature limited to only male and female?"** Pahayag ito na tila isang palaisipang nag-iiwan ng kakintalan sa lipunan.

Sa salitang bakla at tomboy o homosekswal, ang lipunan ay madalas na nagbibigay/naglalaan ng negatibong reaksyon/pagtanggap. Mga reaksyong nagdudulot minsan ng kawalang bahagi nila sa lipunan. Pinatutunayan ito sa aklat nina Strong (1992:182) na nagsasaad ng mga miskonsepsyon sa kanila. Inihahayag nila na kaya walang puwang ang mga homosekswal sa lipunan ay sapagkat hindi ito isinasaad sa Bibliya. Dalawa lamang ang sinasabi rito na ginawa ng Diyos – ang babae at lalake. Kaya tinatawag ang mga taong ito na "imoral". Ginawa ring batayan ng lipunan ang konseptong ang mga bakla ay "child molesters." Ipinaliwanag naman nina Strong na ito'y isang malaking pagkakamali sapagkat anila **"... The overwhelming majority of child molesters are heterosexual males who molest girls, this then include fathers, stepfathers, uncles, and brothers. A large percentage of men who molest boys identify themselves as heterosexuals."** Hindi matatawag na mga bakla ang nangmomolestiya ng mga batang lalake sapagkat sila ay hindi umaaming bakla sila. Isa itong realidad na nangyayari sa kasalukuyang lipunan. Maaaring ito ang dahilan kung bakit malaki ang deskriminasyon laban sa mga homosekswal sa lipunan.

Sa pagtatalo ng pagiging babae at lalake, lumalabas ang salitang "gender" na ayon kay Amurrio (2003) ay singkahulugan ng seks at babae at pag-aaral tungkol sa sekswal na tungkulin ng mga babae sa lipunan. Sa bahaging ito, iniuugnay rin ang ginawang pagsusuri sa salitang *gender*. Sinasabi ng mga iskolar na tulad ni Kastl na ang gender ay konseptong may kaugnayan sa kasarian na nabubuo dahil sa lipunan. Tamang sabihin kung ganoon na ito ay *socially constructed*. Idagdag pa ang konsepto nina Strong na nagsasabing **"Gender is viewed as basic element in social relationships, based on the socially perceived differences between the sexes that justify unequal power relationships.** Ang homosekswalidad ay sinasabi ring isang kasariang bunga ng pakikipag-ugnayan sa lipunan. Matatawag kung ganoon na *gender inequality* ang pagwawalang halaga sa mga bakla at tomboy sa lipunan dahil lamang sa *status quo* na ipinapataw ng tao sa kapaligiran.

Ang usaping gender ay iniuugnay sa larangan ng seksismo at maraming teoryang lumitaw tungkol dito. Isa na rito ang teoryang feminismo na nagpapahalaga sa mga babae sa lipunan at nagbibigay ng pantay na karapatan nila sa lalake; mayroon ding teoryang **queer** na tumatalakay sa pagiging kakaiba o *strange* ng mga

homosekswal. Ang teoryang ito ay isang sangay ng pag-aaral o ispikulasyong nakatuon sa mga homosekswal.

Nagsimulang yumabong ang teoryang queer nang mga huling taon ng dekada 80 at mga unang taon ng dekada 90 lamang. Ang salitang queer ay nangangahulugang *kakaiba, kakatwa, palsipikado*. Kung iuugnay ito sa sekswalidad ng tao, ito'y isang palsipikadong sekswalidad. Samantala sinasabi naman nina Benneth at Royle (1999:178) na ang unang pagpasok ng salitang ito ay sa Oxford English Dictionary noong unang taon pa ng ikaanim na dantaon. Dagdag pa nila na una ring iniugnay ang salitang ito sa mga homosekswal noong 1922 sa isang publikasyon ng *Children's Bureau of the US Department of Labor*. Samakatwid ang homosekswalidad ay *queer* dahil sa nakitang kaibahan nila sa mga babae at lalake. Bilang teorya, ang *queer* ay nagsasaad na lahat ng mga sekswal na pag-uugali at iba pang kaugnay na katangian na taglay ng homosekswal ay hubog ng lipunan. Ang pahayag sa ibaba ay nagbibigay ng kaugnay na pagpapaliwanag:

> ***Queer theory insists that all sexual behaviors, all concepts linking sexual behaviors to sexual identities, and all categories of normative and deviant sexualities, are social constructs, sets of signifiers with certain types of social meaning*** (http://www.ngltf.org/new/printed.cfm?releaseID=576).

Lahat ng mga katangian at karakter ng isang bakla ay hindi bigay ng tao, ito'y gawa ng lipunan. Lipunan ang siyang naghulma nito kaya sa kanya rin mismo magmumula ang kahulugan kung ano sila dapat. Kung gayon dahil lipunan ang gumawa sa katauhan ng isang indibidwal, hindi maaaring walang espasyong laan para sa kanilang dapat kalagyan. Hindi rin naman esensyal sa indibidwal ang kanyang sekswalidad; ito'y malalaman sa pamamagitan ng syensya o panghuhusga sa pamamagitan ng walang hanggang pamantayang moralidad at katotohanan.

Bilang bahagi ng teoryang pampanitikan, ang teoryang queer ay naniniwalang ang sekswalidad ay isang hanay ng mga koda at pwersang panlipunan na mahirap unawain. Ito ang isinasaad sa artikulong *Queer Theory Explained* (http://www.scu.edu/english/ldtc/paradigm/decon.htm.mlc…). **"This model tends toward identity based politics. Bisexuality, for example, might be viewed as merely a signpost on the road to more "complete" gay identity, or a cop-out-a refusal of self-knowledge and political commitment."** Tulad ng isang lalake at babae, ang isang homosekswal ay may sariling pag-iisip na nagsisilbing kanilang sariling pamantayan. Sa madaling salita, karapatan ng isang tao ang pumili ng kanyang identidad at kasarian dahil ito ay *socially constructed* na bagay.

Sa kasalukuyan, masasabing isang mabisang instrumento ang panitikan sa pagpapahayag ng karapatan ng pagiging bakla o tomboy ng isang indibidwal. Ang

pagpapahayag na ito ay magsisilbing instrumento rin upang unti-unting makita sila at mabigyang atensyon. Kaugnay nito ang pagsusuri ng mga akdang nagpapahayag ng ganitong ideya. Ngunit, dahil sa kakaunti pa lamang ang mga akdang "queer," tinatayang hindi madali ang gawaing ito dahil sa kakulangan ng pagbabatayan sa pagsusuri. Magiging tagapaghimay na lamang ang manunuri sa pamamagitan ng pag-iisa-isa sa mga pangyayari sa kwento na kakikitaan ng ideolohiyang queer. Subalit ang problemang ito ay hindi magiging mahirap dahil sa isiping importante ang pagsusuri sa pagdevelop ng katangian at katayuan ng isang bakla at maging ng lahat ng sekswalidad sa buong lipunang Pilipino.

## Buod ng Kwentong *Giyera*

Si Bernie, isang bakla, ang pangunahing tauhan sa kwentong ito. Sikat siyang parlorista sa bayan ng San Martin. Marami ang humahanga sa kanya dahil sa kagalingan niya sa pagpapaganda, lalo na si Donya Estela Salvador na mula sa isa sa pinakamayamang angkan sa San Martin. Nakamit niya ang kasikatan at tagumpay sa pamamagitan ng matinding pagsisikap, pagtitiis at tiyaga.

Sa gitna ng kanyang tagumpay, ang punla ng pagiging makabayan ay hindi nawawaglit sa kanyang isipan, bagkus patuloy itong tumutubo. Kahit na ang modernisasyon at kaunlaran ang isa sa naglagay sa kanya sa pedestal ng tagumpay bilang parlorista, ang mga ito ay pinaniniwalaan niyang nagdudulot ng kasamaan sa kanilang bayan. Maobserbahing tao si Bernie sa kanyang paligid at sa mga nagaganap dito. Sa katunayan minsan na siyang sumali, kasama ng ilang kaibigang parlorista rin, sa isang protesta laban sa pagbabagong pumasok sa bayan ng San Martin. Ngunit pinagtawanan lamang sila ng kanilang kababayan dahil sa kanilang pagiging homosekswal. Ang ginawang ito ni Bernie ay resulta ng pagiging biktima ng kanyang pamilya sa mga plantang itinayo sa kanilang bayan. Namatay ang kanyang kapatid na si Rico dahil sa lasong mula sa planta sa kanilang lugar na ipinatayo ni Meyor Romano Alvarez. Bukod sa karanasan niyang ito, ang makabayang konsepto niya ay impluwensya rin ng mga kaibigan niyang rebelde na lumaban sa kabulukan ng gobyerno sa kanilang bayan. Sina Jaime at Gabriel, parehong heterosekswal, ay mga kaibigan niyang nakikipaglaban para sa konserbasyon ng kanilang lugar laban sa masamang kaunlaran.

Namulat nang lubos si Bernie sa mga pangyayari sa kanyang paligid. Nakita niya na may giyera sa labas ng kanyang parlor at kailangan niyang makipaglaban. Nagdesisyon si Bernie na mamundok at sundan ang ginawa ng kanyang nasawing kaibigang si Jaime at ng nagtatagong si Gabriel. Hayagang nakipaggiyera siya laban sa talamak na kabulukan sa kanilang bayan. Hanggang isang araw ay nakita siya sa loob ng kanyang parlor na tadtad ng saksak at pasa. Maraming gamit sa parlor ang

nawawala ngunit alam ng mga taga-San Martin na hindi simpleng pagnanakaw lamang ang dahilan ng pagpaslang sa kanya.

## Bagong Sibol na Kasarian sa Lipunan: Ang Imahen ng Bakla sa Kwentong Giyera

Sa pamagat pa lamang ng kwento na **GIYERA** ay mababakas na kaagad na may ipinaglalaban dito, may isang ideolohiyang namamayani at mahigpit na pinaniniwalaan. Maliwanag ding ipinakita sa kwentong ito ang isang kamalayan na sa kasalukuyan ay pilit na binabalewala at winawalang halaga ng lipunan. Inihahain nito ang mga bagay na nagsisilbing tulay sa transpormasyon ng lipunan para sa pananaw sa sekswalidad ng isang indibidwal. Isa-isa ring binuwag sa kwento ang mga salik sa lipunan na nagiging pader sa pagkakaroon ng magandang ugnayan ng bawat indibidwal, at ang rason kung bakit ang lipunan ay patuloy na may saradong mentalidad sa pagtanggap sa kanila. Klaro ang landas na inilalarawan at ipinauunawa ng kwento sa mga mambabasa, ang konsepto ng indibidwalismo at ang kaugnayan ng indibidwal sa lipunan – ang ihulma ang isipan ng mga mambabasa sa makabagong paniniwala at pananaw tungkol sa kanilang napiling sekswalidad. Matingkad ding inihahain dito ang makabagong kakayahan ng isang indibidwal – siyang hindi kabilang sa *mainstream* ng kasarian sa lipunan, sa pagiging lalake o babae.

Sa pagbuwag ng mga faktor sa lipunan, sa pamamagitan ng paniniwalang indibidwalismo na kaugnay ng paniniwalang liberalismo, ang pagpupumilit na ipaglaban ang napiling kasarian (gender) ang nakapagpapaatras sa katayuan nila sa lipunan. Kaugnay rin nito ang paglabas ng mga isteryotayp na papel ng lalaki at babae. Pero sa pagsulpot ng mga imaheng ito, kasabay ring lumitaw ang mga katanungan kung alin at anong imahen ang dapat na taglayin ng mga nasa ikatlong kasarian.

Dahil sa hindi napabilang ang sekswalidad ng mga bakla sa isteryotipong kasarian ng lipunan, karaniwang iniuugnay sa kanila ang mga konotasyong nagpapababa sa kanilang moralidad. Tinitingnan sila bilang mga salot sa lugar, nakakahiya, malamya, lampa at marami pang iba. Ibig sabihin, sa pagtatalo sa pagitan ng kasariang babae at lalaki, ang palaging lumalabas sa lipunan na mahina ay katauhan ng babae. Sa sitwasyong ito naman makikita na mas mahina pa ang katauhan ng isang indibidwal na homosekswal kaysa babae, lalo na sa usaping panlipunan. Iniisip naman ng iba na kahihiyan ang dala ng mga taong may ganitong kasarian kaya ang kalagayang ito ang pilit na binuwag ng kwento.

Sa kwentong *Giyera*, inilalarawan ang ibang konsepto ng pagiging bakla na taglay ng pangunahing tauhan dito. Hindi lamang problemang pansarili ng mga bakla ang nilandas ng kwento bagkus tinahak pati panlipunang kalagayan. Inihayag ang importansya niya sa lipunan, kahit sa tingin ng iba siya'y hindi normal dahil siya ay bakla. Sa takbo ng isip ni Bernie, mababanaag na siya ay mapagmalasakit, hindi

naghahangad ng kamunduhan at laging nagmamasid sa mga bagay sa paligid. Ipinapakita sa kwento ang isang bakla na tinitingnan ang mga pangyayari sa kanyang kapaligiran. Inilalarawan ito sa unang talata pa lamang ng kwento:

> *Hinawi ni Bernie ang mahabang buhok na kanina pa pinaglalaruan ng hanging galing sa dalampasigan. Bahagya niyang iniunat ang ngawit na likod dahil sa matagal na pagkakaupo sa sementadong bangko sa plasa ng simbahan... Araw-araw iyon, mula sa plasa ay inaabangan niya ang pagbabago ng kulay ng dagat habang unti-unting dinadampian ng halik ng araw... (p.143).*

Nagpapatunay lamang ang pahayag na ito na hindi likas o pangkaraniwan sa isang homosekswal ang nagmamasid sa kalikasan, ang pag-aabang sa pisikal na pagbabagong nagaganap sa kanyang paligid. Hindi karaniwang katangian ito ng isang bakla. Higit ang atensyon niya sa kagandahan ng paligid sa halip na pag-ukulan ang mga karaniwang makamundong bagay katulad ng pagpupustura, pagmemeyk-ap at panlalalake na siyang pinagtutuunan ng pansin ng isang karaniwang bakla. Ang ganitong uri ng pagmamasid ay maaaring maibaling sa mga pangyayari sa lipunan na siya ngang nangyari sa dakong huli ng kwento.

Sa kabila ng pagiging matahimik niya at laging pagmamasid sa kapaligiran, patuloy pa rin niyang pinagagalaw ang kanyang buhay tulad ng mga karaniwang homosekswal. Bagamat ang layunin ng kwento ay ang ipabatid sa lipunan na hindi kalamyaan at pagkamahinhin ang larawan ng isang bakla, patuloy pa rin niyang ginagawa ang nakagawiang trabaho ng mga bakla – ang pagiging beautician. Ngunit sa kabila nito ay hindi naman pangkaraniwang responsibilidad ang kanyang dinala. *Beautician* nga lamang siya, pero ang sinisilbihan niya ay ang buong bayan ng San Martin. Bukod dito, siya ang dinadayo ng marami dahil sa taglay niyang kagalingan sa larangan ng pagpapaganda.

> *...Naging balita sa buong bayan ang kagandahang nilikha ni Bernie sa mukha ni Estrelita na hindi nila namalas sa dalaga noong ito'y nabubuhay pa. Ganoon na lamang ang kanyang kagandahan na hindi ito makilala kahit na ng kanyang mga kaibigan at ilang kamag-anak. Marami sa mga nagpunta sa burol ng dalaga sa loob ng kabaong. At alam ng lahat na tanging si Bernie Andrade lamang ang makagagawa ng gayong himala (p. 144).*

Bagamat hindi lingid sa lipunan ang kakayahan ng isang bakla sa larangan ng pagpapaganda, ang pagkakaroon ng pangalan sa bokasyong ito ay hindi basta-

basta natatamo. Nagsasaad ito ng kahusayan at dedikasyon sa trabahong ginagampanan. Ang pagmamakaawa ng mayamang Donya kay Bernie ay nagpapahiwatig ng importansya nila sa lipunan. Lumalabas na pinagkakatiwalaan ng maimpluwensyang tao ang isang homosekswal. Lumalabas din na sa gitna ng *pagbugal-bugal* ng marami sa katauhan ng bakla ay may mahalagang puwang siya sa lipunan. Pinatutunayan ito nang sinabi ng taga-San Martin na "*alam ng lahat na tanging si Bernie Andrade lamang ang makagagawa ng gayong himala.*"

Ang ganitong konsepto ang nais mabigyang larawan ng kwento. Bagaman at nakadikit na sa isipan ng marami ang paniniwala na imoral at nakakahiya kadalasan ang buhay-bakla, ipinakikita naman sa bahaging ito na kaya pa itong mabago sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na hindi kayang gawin ng mga may identipikadong kasarian. Kung tutuusin, ang gawaing pagpapaganda ng isang patay ay gawain ng mga taga-punerarya. Pero sa pagtutol at pagpupumilit ni Donya Estela na ipagawa sa isang tulad ni Bernie ang pagpapaganda sa bangkay ng kanyang anak ay nagpapakita ng malaking tiwala sa kakayahan at kahusayan ng bakla.

Ang pagnanais na magaya ang kilos at paraan ng pamumuhay ng mga babae ang ilan sa mga faktor kung bakit naging banyaga ang mga bakla sa kanilang paligid. Idagdag pa rito na hindi sanay ang mga Pilipino na makasaksi at makakita ng mga lalakeng nakabestida, nakameyk-ap at may kulay ang mga kuko sa kamay at paa. Ang mga ito ang nagdidikta sa isipan ng lipunan na sila ay pagtawanan at isiping mababa ang kalidad ng kanilang moralidad. Ngunit, hindi ito sagabal upang gawin ang tungkulin ng isang mamamayan na taglay ang isang tipikal na katangian ng homosekswal. Mapurol man ang paningin ng iba sa kanila ay minsan naman mas matalas pa ang kanilang (mga bakla) mga mata kaysa tunay na lalake kaya't malayo at malalim ang kanilang nakikita sa paligid. Sa isang kagaya ni Bernie na may pangalan na sa pagpapaganda at nakaukit na ng sariling pangalan sa propesyon niya, ang pinakaimposible niyang gawin ay ang makialam sa mga nangyayari sa kapaligiran. Subalit dahil ang nais ng kwento ay ipaalam sa mga mambabasa na hindi lamang hanggang parlor ang kaya ng bakla ay ginampanan din ng isang homosekswal na tulad ni Bernie ang di pangkaraniwang papel nito sa lipunan. Ipinakita ito sa isang pagmumuni-muni ni Bernie nang biglang maalala niya ang mga pangyayari at makadama siya ng kalungkutan:

> *Nalulungkot si Bernie sa bawat araw at napapansin niyang paunti na nang paunti ang mga batang nagtatampisaw sa dalampasigan. Kakaiba noong siya ay musmos pa. Tuwing umaga ay nagtatampisaw silang magkakalaro sa dalampasigan, hinihintay ang pagdating ng mga mangingisda, dala ang biyaya ng dagat. Pagkatapos ay naghahagaran sila hanggang marating ang mga bukid at manggahan, at doon ay*

*iniihaw ang mga nahinging isda at iba pang lamang-dagat upang pagsaluhan (145).*

Nagpapahiwatig ito na hindi lamang hanggang sa gunting at mga meyk-ap ang isang bakla, ni hanggang sa pagpapaflirt at pagkembot at lambot ng kumpas ng kamay. May kakayahan din siyang kumilatis sa mga pagbabagong kanyang nakikita. Lumalabas na sa kabila ng kanyang pagiging kilalang beautician, mas inaalala pa niya ang pagbabagong nangyayari sa kanyang kapaligiran. Naaarok niya ang epekto ng modernisasyon sa kanyang paligid. Samakatwid, mas ninanasa ni Bernie ang mabango at preskong hangin kaysa hanging dala ng pag-unlad. Hindi rin naman inaayawan ni Bernie ang modernong buhay, pero sa pagtanggap niya rito, sinusuri muna niya ang dulot nito, hindi lamang sa kanyang pansariling interes kundi ang dulot nito sa lahat ng tao sa komunidad.

Kung tutuusin, si Bernie ay maswerte sapagkat sikat siya sa pagpapaganda sa kanilang lugar. Hindi ito madaling makuha ng mga bakla, ngunit sa kabila ng kasikatan nananatili siyang nakaapak sa lupa at laging tumitingin sa mga pangyayaring panlipunan. Simpleng buhay at matiwasay na paligid lamang ang hangad ni Bernie. Ang mentalidad na ito ay patunay sa pagwasak ng kwento sa nakamihasnang isteryotayp na papel ng mga homosekswal sa lipunan. Palasak na ang paniniwala ng karamihan na ang mga bakla ay malandi, kaya't ang hinahanap nito ay *fafa* na kanilang makakasama. Sa pamamagitan ni Bernie, pinuna ng kwento ang tungkol sa hangarin ng mga homosekswal ng *night life* at *city life*.

Mababakas naman sa kwento ang tuwirang pag-aalala ng isang bakla sa maaaring mangyari sa kanyang lipunan. Ang patuloy niyang pagkabahala sa kalikasang dati niyang hardin ay pagpapakita ng ideolohiya ng isang indibidwal. Pagpapatunay ito na ang kalamyaan ng isang bakla na nakikita sa publiko ay hindi umaabot hanggang sa kanilang isipan sapagkat may alam din silang hindi batid ng iba. Tulad ng pangyayari sa kwento nang lumabas at nagmartsa sina Bernie at ang kasama nitong mga bakla upang iparating ang kanilang protesta sa bagong planta na nasa kanilang lugar. Nadama niyang sa kabila ng kanyang ginawa ay hindi pa rin siya pinahahalagahan ng mga tao.

*...Nagtatawanan ang mga tao nang makita silang tatlo, kasama ng mga magsasaka at mangingisdang nagmamartsa patungo sa munisipyo. "Hoy mga bakla, ano't kekendeng-kendeng kayo sa kalye. Bumalik na kayo sa parlor ninyo!" Hindi pinansin nina Bernie ang panunuya ng mga tao... Tama ang hinala ni Bernie. Hindi pa rin pala nag-iiba ang pagtingin sa kanya ng mga tao... iisa pa rin ang pagkakilala sa kanila ng mga tao – mga parloristang bakla (p. 151).*

Sa sitwasyong nasa itaas ay mapapansing pilit na ipinakikita ng mga tulad nina Bernie na may sariling ideolohiya o paniniwala sila. Ang panunuya na ginawa ng mga tao sa isinagawang hakbang nila ay isang halimbawa ng kahinaan ng mga may identipikadong kasarian. Kahinaan nila ang hindi pagtugon sa mga nangyayari sa kanilang paligid, samantalang itong mga pinagtatawanang mga lampa, mahinhin, kulay berde ang dugo, ay matapang sa pagpapahayag ng kanilang paninindigan laban sa mga negatibong pangyayari. Ang hakbanging ito ng isang homosekswal ay isa ring matapang na pagbuwag sa persepsyon ng lipunan. Hayagang inilalahad ng kwento ang pagkakaroon ng katapangan ng isang bakla sa kabila ng gabundok na panunuya. Pwersahan ding ipinababatid ang konseptong liberalismo, ang pakikipaglaban ng kekembot-kembot na nilalang laban sa mga matatag at malakas na grupo. Kumbaga, pinapraktis ng tulad nila ang kanilang karapatan kahit na ang tingin ng mga tao sa kanila ay mga walang silbi sila. Ang tuwinang salamin ng pagiging mahina ng mga bakla ay tuwiran ding pinaguho ng kwento. Nagpapatunay ito na marunong ding makialam ang mga indibidwal na nabibilang sa pangatlong kasarian sa mga bagay-bagay na kailangan ang matapang na paninindigan.

Ang pakikisangkot ni Bernie sa rali ay karikatura ng naiibang saloobin ng bakla sa mga pangyayaring pulitikal o pambansa. Kalimitan na sa isang tulad niya ang pagiging "beauty" at konsepto ng kagandahan ang inaatupag, lihis ang interes at atensyon sa mga isyung labas sa kagandahan na hindi matatagpuan sa apat na sulok ng parlor. Ipinahihiwatig lamang sa sitwasyong ito na ang pagbabago ng isang lipunan ay hindi lamang nakasalalay sa mga indibidwal o grupong kilala bilang babae o lalake kundi sa mga taong may kaugnayan at relasyon sa mga indibidwal o grupong kumikilos para sa transpormasyong ipinaglalaban.

Sa lipunang kinabibilangan ni Bernie ay mababakas ang isang lugar na puno ng kagandahan noon ngunit biglang nagbago dahil sa halimaw na pinangangambahan nila noon pa man – ang plantang itinayo sa kanilang lugar. Bagamat hayagang sumali si Bernie sa mga protesta laban sa masamang epekto ng planta sa kanilang lugar ay dumarating din ang pagkakataon na nanghihina siya hindi dahil sa kawalan ng pag-asa kundi dahil sa mga taong nasa kanyang paligid. Pruweba ang sumusunod:

> *...Pero, hindi na rin sila sumama pa sa mga sumunod na rally. Tama ang hinala ni Bernie. Hindi pa rin pala nag-iiba ang pagtingin sa kanya ng mga tao. Kahit naging malapit pa siya sa isang importanteng tao tulad ni Donya Estela Salvador ... (p. 151).*

Kung minsan ay nagiging dahilan din ang iyong paligid upang ang ipinaglalaban mong paniniwala ay di magtagumpay. Ito ang nangyari sa kaso ni Bernie na hindi binigyan ng suporta kahit na gumawa siya ng mga bagay na nakapagdudulot ng

maganda sa kanilang lugar. Dulot ito ng kawalang suporta at respeto sa kanila ng mga taong nakapaligid.

Makikita rin na gumawa ng hakbang si Bernie upang tanggapin siya ng mga tao. Ginawa niya ang kahilingan ni Donya Estela sa kabila ng kanyang takot sa patay. Sa kabila nito, hindi pa rin siya tanggap ng mga tao. Malinaw na ipinakikita ang kasalukuyang pagtingin ng mga tao sa mga bakla. Ito ay isang maliwanag na larawan ng tunay na damdamin ng lipunan. Binigyan ng malinaw na paglalarawan sa kwento ang diskriminasyong nangyayari sa paligid – halimbawa nito ay ang hindi pagtanggap at di pagsang-ayon sa paniniwala at ideya ng pagiging bakla. Malinaw ang prodyeksyong ang lipunan ay bulag at ang nakikita lamang nito ay ang mga grupong pekyuliyar sa kanilang mga mata. Hindi nila nakikita ang mga kontribusyon at pakikibaka ng mga bakla.

Bagamat nasa isip na ni Bernie na pinagtatawanan siya at ang kanyang mga kasamahan, ipinagpatuloy pa rin nila ang kanilang ginagawa. Hindi man muling sumama sina Bernie sa mga sumunod pang mga protesta ay naipakita naman nila sa mga tao na sila ay may sariling ipinaglalaban. Sa puntong ito, matagumpay na naipakita nila ang katapangang humarap sa mga bagay na sa palagay nila ay mali.

Ang *Giyera* ay hindi lamang paglalagay ng mga homosekswal sa lipunang kanilang ginagalawan kundi ang pagpapakita ng "pagtanggap" sa kanila ng lipunan. Si Bernie, na isang kilalang beautician ang tinakbuhan ni Gabriel – isang taong nakikipaglaban sa kalabisan ng lipunan dala ng ideolohiyang Marxista. Ang paghingi ng tulong sa kanya ni Gabriel ay pagpapatunay na tinatanggap at pinagkakatiwalaan na siya ng ilang tao.

> *"Anong tulong ang kailangan mo? Kung pera, wala akong pera.'*
> *Hinigpitan ni Bernie ang hawak sa palo-palo.*
> *"Kailangan ko ng matutulugan."*
> *"Hindi naman ito motel. Sa iba ka na kumatok."*
> *"Parang awa mo na, Bernie. Ako si Gabriel. Ako yaong nakita mo kanina sa simbahan. Hindi ako masamang tao. Kaibigan ako ni Jaime.*" (p. 154)

Kasama ng pagiging bakla ang maturingang hindi maaasahan dahil sa kadaldalan at katabilan. Bibihira lamang ang mga lalaking lumalapit sa mga homosekswal sapagkat takot silang magtiwala rito lalo na ng mga sensitibong bagay. Sa katauhan nina Gabriel at Jaime, na parehong kaibigan ni Bernie, ay naipakita ng kwento ang bakla bilang simpatetiko na karaniwang natatakpan ng mga negatibong haka-haka. Nagpapatunay lamang ito na ang bakla ay hindi lamang "pamparlor"

kundi matatakbuhan din sa oras ng pangangailangan. Lubos ding binuwag dito ang konseptong homophobia.

Ang tulad nina Gabriel at Jaime na mga rebelde ay hindi aasahang lalapit at makikipagkaibigan sa isang bakla. Hayagan itong pagpapatotoo na maaaring mabago ang estado ng pagtanggap ng lipunan sa mga bakla kung mahuhubdan nito ang paniniwalang ang lipunan ay para sa "dalawang kasarian lamang". Bukod dito, ang paglapit nila kay Bernie ay isang kamalayang ipinakita sa kwento upang ang masasamang konotasyon sa kanila – ang pagiging malamya, mahina at lampa – ay mabago. Sa katunayan, si Gabriel ay pwedeng sa pari ng kanilang parokya lumapit at dito humingi ng saklolo sapagkat hayagan ding tumututol ang pari sa masamang dulot ng modernisasyon sa San Martin. Pero hindi ito ginawa ni Gabriel. Sa halip, kay Bernie siya lumapit na isang pagpapatunay na may kakayahan din ang mga bakla na protektahan ang kanilang kapwa. Ito rin ay isang pahiwatig na sa loob ng lipunan, may mga taong bukas ang isip sa mga homosekswal o bakla.

Nasa katauhan naman ni Bernie ang isang homosekswal na hindi hangad ang kamunduhan at pagnanasa sa laman. Ang paghingi ng tulong ni Gabriel ay maaaring bigyan niya ng kondisyon at hingan ng kabayarang sekswal ngunit wala siyang hininging kapalit at sa halip ay tumulong siya nang buong puso. Sa katunayan, ang kanyang abilidad sa paghawak ng gunting, pag-aayos ng buhok at pagmemeyk-ap ang kanyang ginamit sa pagbibigay ng tulong. Binago niya ang hitsura ni Gabriel upang makatakas sa kapangyarihan ng meyor:

> "*Suwerte mo, makinis ang balat mo sa pisngi.*"
> "*Bakit?*"
> "*Hindi ko na kailangang kapalan ang kulay. Madali kang pagandahin* (p. 162)."

Ang pagtulong na ginawa niya kay Gabriel upang makatakas sa lambat ng pamahalaan ay isang senyales na magkatulad sila ng paniniwala. Naiintindihan niya ang nararamdaman nito kaya siya nagbigay ng simpatiya. Sa kasong ito, naging daingan ni Gabriel si Bernie at lumalabas na maaari rin palang humingi at magpakumbaba ang isang lalaki sa bakla. Ito'y pagwasak sa imaheng "macho" ng isang tunay na lalaki. Ang pagkakaisa ng paniniwala nina Bernie at Gabriel ay isa ring patunay na ang transpormasyong nais ng tao sa kanyang lipunan ay hindi matatamo kapag hindi nagkakapit-kamay, anumang kasarian mayroon ka. Masasalamin sa kwento na hindi mahirap matamo ang pagkakaunawaan kung ang indibidwal ay handang tanggapin ang katauhan ng kanyang kapwa, kung bibigyan niya ng lugar ito sa kanyang lipunan at kung siya'y marunong umunawa sa desisyon ng kanyang kapwa. Masisinag ito sa sumusunod na sipi.

*Sandaling napatigil si Bernie sa pagkukulay ng mga labi ni Gabriel. Maya-maya'y nagpatuloy ito sa pagguhit ng manipis na linya sa mga kilay ng lalaki. Pinatayo ni Bernie si Gabriel. Tumingin ito sa orasan. Mag-aalas-kuwatro na ng umaga. Pumasok sa kuwarto si Bernie at paglabas ay bitbit ang paborito niyang kulay pulang polo.*

*"Alas-singko ang first trip patungong Maynila. Isuot mo na ito. Hindi ka na nila makikilala sa ganda mong 'yan."*

*"Bernie, salamat sa tulong mo. Sana magkita pa tayong muli."*

*"Kung babalik ka pa sa San Martin."*

*Lumapit si Gabriel kay Bernie at niyakap ito.*

*"Gabriel, kung makababalik ka pa sa San Martin, tulungan mo akong makilahok sa giyera. Mag-ingat ka." Hinalikan ni Bernie si Gabriel sa pisngi (p. 163).*

Ang paghingi ni Bernie ng ganting pabor kay Gabriel ay palatandaan ng pagtanggap ng magkabilang panig ng kanilang magkaibang katauhan. Maliwanag ring pinapaksa ng kwento ang hindi lamang tungkol sa pagbabagong nangyayari sa lipunan na dulot ng modernisasyon kundi pati ang katapangan at katatagan ng isang bakla sa pagharap sa hamong dala ng pagbabagong ito. Inilalarawan sa kwento na hindi masama ang maging bakla, ang masama ay ang baklang walang nagawa para sa ikauunlad ng kanyang lipunan. Hindi lamang kalamyaan ang imahen ng bakla kundi taglay rin niya ang pagiging "maskulado". Tulad ni Bernie, taglay niya ang imahe ng pagiging ama at ina sapagkat siya ang naging *breadwinner* sa kanilang tahanan. Mabigat ang tungkuling ito ngunit nakaya niya. Maliban sa pampamilyang responsibilidad, ang problema ng lipunan at ng kanyang kapwa ay kanyang nakikita:

*"E, ikaw naman, Vanessa, baka inuubos lang ng mga kapatid mo ang pera sa paglalaro ng video diyan sa may palengke." Nanlaki ang mga mata ni Vanessa nang marinig ang paalala ni Bernie.*

*"Di tinigilan ko ang sustento sa kanila!"*

*"Kaya siguro wala nang kabataang gustong magtampisaw sa dalampasigan at maghahabulan sa bukid. Mas gusto nila ang nakaupo sa harap ng video at magpipindot ng buton."*

*"Hay. Manny Bernie, matanda ka na nga. Hindi na uso ang habulan sa bukid. Sa harap na ng video nagpapawis*

*ang mga bata ngayon." Lumapit si Vanessa kay Bernie at humalik sa kanyang pisngi upang magpaalam.*

*"Ikaw, Mandy, e-exit ka na rin ba?"*

*"Oo, Ateng. Malapit lang naman dito ang balaysung." Isinukbit ni Mandy sa balikat ang malaking bag. "May sakit kasi ang mama," at siya naman ang humalik ng pamamaalam kay Bernie.*

*"Kayong bahala, mga vakla. Mag-ingat kayo sa daan. Sabado bukas kaya maaga kayo. Maraming kostumer."*

*"Manay Bernie, hindi mo ba talaga kilala yung lalaking ngumiti sa iyo kanina sa simbahan?" tanong ni Mandy.*

*"Baka naman ilusyon mo lang na nginitian ka," dugtong ni Vanessa.*

*"Baka gustong makalibre ng gupit," sagot ni Bernie (p.155).*

Marami ang nagsasabi na ang mga bakla ay may pusong-mamon. Sa ginawang pag-alala ni Bernie sa kanyang mga kasamahang bakla rin ay inihahayag ng kwento na ang isang bakla ay may pusong mamon ngunit nagtataglay naman ito ng matibay na kombiksyon para sa kanyang pamilya. Ipinadarama rin ito nina Mandy at Vanessa na parehong nagtatrabaho para sa kanilang pamilya. Imahe ng pagiging responsible ang inihahayag sa kwento. Tiyaga ang namamayani sa katauhan ni Bernie at mga kasamahang bakla. Sa kabila ng paghihirap nila dahil sa hindi magandang trato ng lipunan sa kanila ay pinatutunayan nilang may silbi sila, hindi lamang sa kanilang pamilya kundi maging sa bayan na kanilang kinabibilangan. Ang kalagayang ito ay pagpapakita na sa kabila ng pandidiri ng lipunan at kung minsan ng kanilang pamilya mismo, ay nakatutulong pa rin sila rito. Kung gayon, napangatwiranan ng kwento na bagamat dumaranas ng sobrang panunuya at panlalait sina Bernie at mga kasamahang homosekswal, nagtatagumpay naman sila laban dito. Ipinakita ni Bernie na may tibay siya ng loob na labanan ang lahat ng opresyon at pagmamalabis na kanyang naoobserbahan:

*Masayang sinalubong ng mga diwata si Bernie nang siya ay umakyat sa bundok ng Matalim na Kidlat. Pumaimbulog sa .kulay dugong bukang-liwayway ang huni ng mga ibon at kuliglig. Buong galak na nag-indakan ang mga sanga at dahon habang nilalakbay niya ang mayamang dibdib ng kagubatan na hindi niya nasilayan man lamang noong kanyang kamusmusan. Isa na siyang bantay ng gubat, kasama nina*

> *Jaime at Gabriel, ng mga kababaryong unang nagsakripisyo, kapiling ng mga diwata (p. 163).*

Ang bundok ng Matalim na Kidlat ang naging pugad ni Bernie para maipakita niya sa lipunan ang kanyang lakas laban dito. Bihira sa isang bakla ang mamundok upang ipaglaban ang kanyang paninindigan at paniniwala. Ang karaniwang imaheng ipinakikita ng bakla ay ang magtalak sa pagpapakita ng kanyang damdamin. Ang ginawa ni Bernie ay tipikal na gawain ng tunay na lalaking matapang at may kakayahang gibain ang di-pagkakapantay at kalakarang Marxismo sa lipunan. Ngunit ginawa ito ng isang bakla – ipinakita ng kwento ang makabagong larawan ng isang Pilipino na handang magsakripisyo para sa kanyang bayan anuman ang kanyang kasarian. Malinaw sa kwento na isang bakla si Bernie, subalit iyon ay hindi naging hadlang para patunayan niya na may magagawa siyang hindi kayang gawin ng karaniwang tunay na lalake.

Sa katapusan ay nakabuo si Bernie ng isang natatanging larawan ng mga homosekswal sa lipunan. Isang imahen na bagamat martir ay naglalahad naman ito ng katapangan at katunayan na ang tao ay likas na malaya kahit tinatakdaan at hinuhusgahan ng lipunan. Sa kabuuan isang modernong bakla ang ninanais ng kwento na ilantad. Ang pagiging bakla ay isa nang katangiang positibo at malaki ang papel na maaari niyang gampanan sa paglikha ng kasaysayan. Dahil dito, gaano man kahuli, ay kikilalanin din ito ng lipunan. Maibibigay ang huling pangyayari sa kwento:

> *Sa bayan, umaalingawngaw ang baog na tunog ng kampana habang inililibing ang kilalang beautician ng San Martin. Parang parada ng patron sa laot ang dami ng mga kababaryong dumalo sa libing ni Bernie. Siya ang ikatlong sakripisyo. Nang matagpuan ang kanyang bangkay sa loob ng parlor marami ang nawawala ngunit alam ng mga taga-San Martin na hindi simpleng pagnanakaw lamang ang dahilan ng pagpaslang sa baklang parlorista. Tulad ng maraming biktima ng halimaw, alam nilang matagal nang nakilahok sa giyera sa San Martin si Bernie (p. 164).*

Kabayanihan ang kabuuang implikasyon ng karakter ni Bernie na ipinakita sa kwento. Isa itong gawaing mahirap gampanan sa kasalukuyan ng kahit sino man at anumang kasarian ang kinabibilangan.

**Konklusyon**

Pagpapataas ng kalidad ng homosekswal ang kwentong *Giyera*. Palasak na paniniwala na ang lipunan ang humuhubog sa kasarian o gender ng isang indibidwal. Nilayon ng kwento na mabigyang importansya at puwang ang paninindigan at matibay na paniniwala ng mga homosekswal na sa haka-haka ng marami ay mahina. Naipalutang ng kwento ang bagong imahen at konsepto ng pagiging bakla sa pamamagitan ng paghahain sa ideolohiya nila na nagwasak sa mapanupil na konsepto ng lipunan na dalawa lamang ang kasarian dito – ang lalake at babae. Bagamat ang pagiging bakla ay sinasabing kaagapay ng pagkakaroon ng pusong babae kaya taglay niya ang kalikasan ng babae ay hindi naman mapasisinungalingan na hindi nawawala sa kanya ang kalikasang panlalake at ito ang napatunayan sa kwento. Nagpapanukala ang kwento ng alternatibong pagtanaw sa kakayahan ng mga bakla o homosekswal hindi lamang sa larangang *pagpapaganda* sa parlor kundi pati na rin sa mga larangang kinabibilangan ng pagpapasya at direktang pakikilahok sa mga gawain sa pagbabago ng lipunan at kaisipang itinatakda nito. Ang mga gawain at maling akala ng lipunan sa katauhan ng mga bakla ang pilit na binuwag ng kwento sa pamamagitan ng pagpapakita ng kakayahan at abilidad nila.

**Bibliograpi**


Amurrio, Mila. **Reflections on the Concept of Gender**. http://ibs.lgu.ac.uk/forum/iamor.html.

Bennett, Andrew at Nicolas Royle. 1999. **Introduction to Literature, Criticism and Theory.** 2nd ed. Great Britain: Ashford Press Ltd.

De Dios, Honorio B. 1998. **Sa Labas ng Parlor.** Quezon City: University of the Philippines Press Printery Division.

Kastl, Rebecca. **The Concept of Gender**. http://www.kastl/family.com/articles/gender.html.

**National Gay and Lesbian Task Force.** http://www.ngltf.org/new/printed.cfm?releaseID=576

**Queer Theory Explained.** http://www.scu.edu/english/ldtc/paradigm/decon.htm.mlc…

Strong, Bryan, Christine De Vault at Barbara Werner Sayod. 1999. **Human Sexuality, Diversity in Contemporary America.** 3rd ed. Mountain View, USA: Mayfield Publishing Company.

Tolentino, Rolando at Luna Sicat (mga editor). 1999. **Relasyon: Mga Kwento ng Paglusong at Pag-ahon.** MM: Ateneo de Manila University Press.